

**MAS MURA,
MAS EPEKTIBO,
MAS LIGTAS**

**Mag LIKAS PAGSASAKA
na tayo...**

Wala ng hihigit pang ligaya sa pamilya na ang pagkaing pinagsasaluhan ay tunay na makapagbibigay lakas at nakakapagpahaba ng buhay.

Isang alternatibong pamamaraan sa pagsasaka na makakabawas sa gastusin ng magsasaka.

Isang alternatibong paraan na epektibo at maka"KALIKASAN".

HIGIT SA LAHAT, isang alternatibong pamaraan na walang maidudulot na kapahamakan sa kalusugan at sa kapaligiran.



**AGRICULTURAL TRAINING
INSTITUTE-REGION IVA
KNOWLEDGE MANAGEMENT UNIT**

UPLB,College, Laguna
(website) ati4a.da.gov.ph
atintc_uplb@yahoo.com

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE-
REGION IVA, UPLB, COLLEGE, LAGUNA

**LIKAS NA PAGSASAKA
"NATURAL FARMING"**



"para sa susunod pang
salin lahi"

Tel. no. +63(49)536-3263
+63(49)536-5600 (fax)

ANO ANG LIKAS NA PAGSASAKA?

Ito ay isang alternatibo at mabisang pamamaraan sa pagsasaka upang higit na mapangalagaan ang kalikasan para sa kapakinabangan ng mga susunod pang saling lahi. Sa paggamit ng mga kemikal at artipisyal na pamamaraan, ang kalikasan ay patuloy na nasisira at nasasakripisyo din ang kalusugan ng mga magsasaka.

ANO ANG KAIBAHAN NITO SA KARANIWANG PAMAMARAAN?

Ang mga ginagamit sa pagpapataba ng lupa at halaman, pag-iwas at pagsugpo ng mga peste ay galing sa natural na halaman at materyales.

May apat na nakagawian na mga pamamaraan na mawawala sa likas na pagsasaka tulad ng:

1. Pag-aalis ng damo (weeding);
2. Pag-aararo at paggamit ng mga mamahaling makinarya;
3. Paggamit ng kemikal na pataba;
4. Paggamit ng pestisidyo.

ANU-ANO ANG MGA PAMAMARAAN SA LIKAS NA PAGSASAKA?

1. Maka"KALIKASAN" (enviroment-friendly). Lahat ng mga gagamitin ay mga likas na materyales na walang kemikal.
2. May pagrespeto sa lahat ng may "BUHAY" (respect for life) Hindi inaabuso at ginagamit ng wasto ang mga may buhay tulad ng halaman at mga hayop.
3. May "KALIDAD" na produkto. Ang mga halamang pinalaki sa likas na pamamaraan ay malulusog, maraming nutrisyong nakukuha at madaming mamunga.
4. Hindi gumagamit ng kemikal na pamatay insekto. Sa pamamagitan ng mga natural na materyales at pamamaraan, sinusugpo ang mga mapaminsalang peste. Inoobserbahan din ang natural na inog ng buhay at ekolohiya ng kapaligiran.
5. Hindi gumagamit ng kemikal na pamatay damo. Gumagamit ng mga damo upang patabain ang lupa at iwasan ang erosion nito. May mga damo ring nakakapuksa ng peste.
6. Hindi gumagamit ng makinarya sa pag-araro ng lupa. Ang mga bulati, mikroorganismo at maliliit na hayop ang ginagamit sa pagbubungkal ng lupa.

7. Hindi gumagamit ng kemikal na pataba (fertilizer). Gumagamit ng mga materyales na mas mura, marami sa lugar at mas epektibo kumpara sa mga nabibiling kemikal na pataba.

8. Ang mga magsasaka ang siyang gumagawa ng kanilang pataba at pangsugpo ng mga peste sa pamamagitan ng pagsunod sa prinsipyo ng kalikasan (principle of nature). Ang mga mahahalagang sangkap na ito ang nagbibigay buhay sa halaman tulad ng:

8.1 Indigenous Microorganisms

8.2 Fermented Plant Juice

8.3 Oriental Herbal Nutrient

8.4 Lactic Acid Bacteria

8.5 Fish Amino Acid

8.6 Water Soluble Calcium

8.7 Insect Attractant

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa mga nabanggit, maaring tumawag sa ATI-Region IVA, (049) 536-3263.

Maaari ring mag-email sa atintc_uplb@yahoo.com para maipadala ang mga sangkap na kinakailangan sa paggawa ng mga nabanggit.